Bibigyang-hugis ng 2020 Senso ang inyong kinabukasan.

Bawat 10 taon, binibilang ng Estados Unidos ang lahat ng nakatira sa bansa sa Abril 1, saan man sila nagmula, anumang wika ang gamit nila, o kung bakit sila nasa bansang ito. Kasama sa pagbilang ang mga bata, mga sanggol, mga mamamayan at hindi mamamayan, at mga panandaliang naninirahan.

Mahalaga ang pagsagot para sa inyong pamilya at komunidad.

Ang makokolektang impormasyon sa senso ay gagamitin para matukoy kung paano ipamamahagi ang mahigit $675 bilyon ng pederal na pagpopondo bawat taon. Ang mga pondong ito ay makakaapekto sa mga serbisyong kritikal, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, mga center para sa mga senior, at pampublikong transportasyon.

Inaasahan ng mga komunidad ang estadistikang pangsenso para planuhin ang iba't ibang pangangailangan tulad ng mga bagong kalsada, mga paaralan, at mga serbisyong emerhensiya.

Ginagamit ng mga negosyo ang estadistikang pangsenso para pagpasyahan kung saan sila magtatayo ng mga pabrika, mga opisina, at mga tindahan.

Madali lang ang pagsagot.

Pagsapit ng kalagitnaan ng Marso 2020, bawat sambahayan (mga magkakasama sa tirahan) sa Estados Unidos ay makatatanggap ng paalala para sagutan ang 2020 Senso online, sa pamamagitan ng telepono, o koreo. Ang palatanungan ng senso ay binubuo ng kaunting simpleng katanungan at ipamamahagi sa maraming wika. Mula Mayo – Hulyo 2020, ang tagakuha ng senso ay dadalaw sa mga sambahayan na hindi pa sumasagot. Maaari kayong tulungan ng tagakuha ng senso para makumpleto ninyo ang palatanungan.

Ligtas ang pagsagot.

Ang personal ninyong impormasyon ay kompidensiyal at protektado ng batas. Ang mga sagot ninyo ay gagamitin lamang para gumawa ng estadistika. Hindi ito maaaring gamitin para sa pagpapatupad ng batas o para matukoy kung karapat-dapat kayong tumanggap ng mga benepisyo mula sa gobyerno.

Para sa karagdagang impormasyon:

2020CENSUS.GOV/tl

Bigyang hugis ang inyong kinabukasan
MAGSIMULA DITO >

United States® Census 2020

D-OP-AS-TG-391